# DE KALIBRE

*by:*
**Christian E. Canta**
*Teacher II, Bonifacio Camacho National High School*

Walang pagsidlan ang pagkasabik, hayag ang pag-aaligaga sa pagsusuot ng uniporme. Pulido, walang gusot, naniningkad sa puti. May pagmamadali ngunit maingat ang pagdulas ng bagong sapatos sa paa. Bitbit ang mga pangarap na isinilid sa munting bag.

Teka, ano kayang naghihintay sa eskuwela?

Simula na nga ng paghakbang, inilabas na ng Deparment of Education (DepEd) ang anunsiyo na magsisimula na ang klase sa mga pampublikong paaralan sa Hunyo 16, 2025 at nakatakdang magtapos sa Marso 31, 2026. Matagumpay na nilang naibalik sa orihinal na June-March school calendar ang klase sa bansa matapos itong mapalitan noong panahon ng pandemya. Haharapin na naman ng mga bata ang tag-ulan habang nasa ilalim ng kanilang mga payong, patungo sa paraalan—sa pagkamit ng edukasyon.

Bubuhos ang mga patak ng ulan gaya ng sanlibong kaalaman.

Ayon kay DepEd secretary Sonny Angara, mahalaga ang bawat reporma sa edukasyon ng mga guro upang mapunan ang mga learning loss at ang mga ito rin ang magsisilbing paghahanda nila sa makabagong silid-aralan sa kasalukuyang panahon. Sa kaniyang talumpati sa Teacher Education Council (TEC) Symposium on Pre-service Teacher Education Curriculum Reframing, inilahad niya na nakatutok ang DepEd sa pagpapaunlad at pagpapahusay sa kakayahan ng ating mga upang mabigyan ng mas epektibong edukasyon ang mga mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isang malakas na pagtawag ang binitawan ni Angara sa lahat ng Pilipino upang suportahan ang DepEd, "together, we can ensure that teacher education evolves to meet the challenges of tomorrow."

Magandang kalidad ng edukasyon, isang malinaw na kinabukasan ang naghihintay. Sa paglipas ng mga panahon, mula sa tag-ulan, taglamig, hanggang muling magtag-araw—mula sa simula at katapusan ng klase, patuloy ding aangat ang sistema at kalidad ng edukasyon sa Pilipinas.

Papandayin ng panahon, hindi lamang ang mga mag-aaral, kung hindi ay ang mga guro rin nating magigiting. Patatalasin ang kanilang kaalaman, huhubugin nang may dangal para mas may maipanggatong sa nag-aapoy na pangarap ng mga kabataan. Patuloy nating bitbitin at isilid ang mga pangarap sa ating mga bag. Naghihintay sa eskuwela ang mga kamay na may karunungang handang abutin ang atin. Ipapasa ang kaalaman, tutulong sa pagkamit ng mga mithiin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Hanggang sa maluma ang bagong uniporme't sapatos, palaging masasabik hanggang makapagtapos.

*References:*

https://brabonewsph.com/2025/06/16/angara-balik-eskuwela-2025-naging-maayos/